

Nakakaparalisa na Pagkalason sa Kabibi (Paralytic Shellfish Poisoning, PSP)

Sa katapusan ng linggo ng Memorial Day, napag-alaman ng Oregon Health Authority na may ilang tao na may paralytic shellfish poisoning pagkatapos kumain ng inani mismo na kabibi mula sa hilagang baybayin ng Oregon.

Ano ang PSP?

Ang paralytic shellfish poisoning, o PSP, ay sanhi ng isang lason na tinatawag na saxitoxin. Hindi ito isang impeksiyon. Ang mga saxitoxin ay ginawa ng maliliit na halaman sa karagatan (phytoplankton) na namumuo sa loob ng kabibi (tulad ng mga tulya at tahong) at nilalason ang mga taong kumakain nito.

Sino ang nasa panganib?

Ang sinumang kakain ng kabibi na naglalaman ng lason na ito ay maaaring magkasakit o mamatay sa mga bihirang kaso. Kung kumain ka ng kabibi na maaaring naglalaman ng lason, wala kang kailangang gawin maliban kung magkasakit ka (tingnan sa ibaba).

Paano ko malalaman kung mayroon akong PSP?

Sa loob ng ilang minuto hanggang oras pagkatapos kumain ng kontaminadong kabibi, maaari kang magsimulang makaramdam na may sakit ka. Karaniwang ganap na nalulunasan ang sakit sa loob ng ilang oras hanggang araw pagkatapos kumain ng kabibi, at maaaring kabilangan ng:

- Pagduduwal
- Pagsusuka
- Sakit ng ulo
- Pamamanhid sa iyong bibig
- Pangingilig sa iyong mga kamay o paa

Humingi **kaagad** ng medikal na tulong kung mayroon kang alinman sa mga sumusunod na malubhang sintomas:

- Panghihina ng kalamnan
- Pagkahilo o pakiramdam ng pagtagilid o pag-ikot
- Pagkahilo o pakiramdam na lumulutang
- Nahihirapan sa pagsalita
- Nahihirapan sa paglunok
- Nahihirapan sa paghinga

Sa malalalang kaso, maaaring magresulta ang PSP sa paghinto ng paghinga at kamatayan kung hindi magagamot.

May PSP yata ako. Paano na ngayon?

1. Kung malala ang mga sintomas mo, humingi ka kaagad ng medikal na atensyon.
2. Kung banayad ang iyong sakit o bumuti na ang pakiramdam mo, iulat ang iyong sakit sa Oregon Poison Center sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-222-1222 o punan [ang online na survey na ito](#) na binuo ng Oregon Health Authority.
3. I-freeze at itabi ang anumang natitirang kabibi upang isumite sa iyong [lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan](#) para sa pagsusuri.

Paano ko mapipigilan ang PSP?

Hindi maaaring maikalat ang PSP mula sa isang tao patungo sa ibang tao. Nangyayari ang PSP pagkatapos kumain ng kabibi na naglalaman ng lason. **Hindi nagpapawalang-bisa ng pagluluto o pagyeyelo ang lason.**

Ang mga kabibi na kinakain sa mga restaurant o binibili sa mga tindahan ng groserya ay hindi pa naiuugnay sa paglaganap ng PSP na ito.

Dapat kumain lang ng kabibi mula sa mga ligtas na mapagkukunan, alinman sa mga komersyal na produkto o mula sa mga baybayin na bukas para sa pag-ani. Regular na sinusuri ng Departamento ng Agrikultura ng Oregon (Oregon Department of Agriculture, ODA) ang mga kabibi sa baybayin ng Oregon. Tingnan ang mga kasalukuyang pagsasarang pangkaligtasan para sa kabibi sa [website ng ODA](#) o tawagan ang hotline ng pag-ani ng kabibi, 800-448-2474.

Saan ako maaaring matuto nang higit pa?

- [Oregon Department of Fish and Wildlife, Shellfish & Biotoxins](#)
- [Washington Department of Health, Shellfish & Biotoxins](#)
- [CDC Harmful Algal Blooms](#)